# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Marso, 2025

## 29 na mga Opisyal na Ballot Drop Box ang Magbubukas para sa Espesyal na Primaryang Eleksyon sa Distrito Isa

Simula Martes, Ika-11 ng Marso, ang mga rehistradong botante sa Unang Superbisoryal na Distrito sa County ng San Diego ay may karagdagang opsyon na ibalik ang kanilang balotang pangkoreo para sa Ika-8 ng Abril espesyal na primaryang eleksyon sa alinmang 29 na mga opisyal na ballot drop box na matatagpuan sa buong distrito.

Ang mga balotang pangkoreo para sa 370,000 rehistradong botante ng distrito ay inaasahang dumating ngayong linggo. Ang ilang botante ay maaaring nakatanggap na ng kanilang balota noong katapusan ng linggo.

Ang taong mahahalal ay magpupunan sa bakanteng posisyon ng distrito para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero ng 2029. Kung walang kandidato ang makakatanggap ng mayoryang boto sa eleksyon sa Ika-8 ng Abril, ang nangungunang dalawang makakakuha-ng-pinakamaraming-boto ay magpapatuloy sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo. Tanging ang mga naninirahan lamang sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean hanggang sa mga kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal na border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, kabilang ang Barrio Logan, East Village, Golden Hill, at higit pa. Kasama rin dito ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

Kung hindi kayo sigurado kung kayo ay nakatira sa Superbisoryal na Distrito 1 ng County, maaari ninyo itong tingnan sa sdvote.com.

**Ano ang hitsura ng mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro?**

Ang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay may kulay na pula, puti at asul at mayroong tampok na logo ng Tagapagrehistro kasama ang seal ng County. Ang lahat ng kahon ay may label na "Opisyal na Ballot Drop Box" at gawa mula sa mataas na grado, at makapal na stainless steel.

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Marso, 2025

Ang bawat opisyal na ballot drop box ay idinisenyo upang maiwasan ang pisikal na pinsala at hindi awtorisadong pag-access sa mga balotang pangkoreo. Ang mga kahon ay may tampok na double-lock na mga na-a-access na pinto, anti-pry door jambs at iba pang mga hakbang sa konstruksyon laban-sa-pagnanakaw. Ang retrieval team ng pagkuha ng balota ng Tagapagrehistro ang responsable sa pagkokolekta ng mga balota sa loob ng kahon.

**Paano ko ibabalik ang aking balota sa isang opisyal na ballot drop box?**

Markahan ang inyong balota, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob ng inyong sobreng pagbabalikan, lagyan ng petsa at pirmahan ang inyong pangalan sa sobreng pagbabalikan, at ibalik ito sa koreo o sa isa sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong distrito. Tandaan, ang inyong pirma ay kinakailangan upang mabilang ang inyong boto.

Ang 29 na opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay bukas ng 24 oras sa isang araw hanggang sa ika-8 ng gabi sa pinal na araw ng pagboto, Ika-8 ng Abril. Bisitahin ang sdvote.com upang tingnan ang listahan ng mga lokasyon o ang locator map upang makahanap ng lokasyong malapit sa inyo.

**Paano ako boboto nang personal?**

Nagsimula ang maagang pagboto noong Lunes sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante na matatagpuan sa campus ng County Operations Center sa Kearny Mesa.  Ang mga oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Simula Sabado, Ika-29 ng Marso, maaaring bumoto nang personal ang mga botante ng Distrito 1 sa alinman sa pitong mga vote center. Magbubukas ang mga ito araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa pinal na araw ng pagboto, Martes, Ika-8 ng Abril, kung kailan 13 mga vote center ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Makakahanap kayo ng vote center o isang opisyal na ballot drop box na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ang inyong pamplet online gamit ang Tingnan ang Isang Pamplet ng Impormasyon ng Botante (Sampol na Balota) na tool sa sdvote.com.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Marso, 2025

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Distrito 1 espesyal na primaryang eleksyon sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER